

Ibalik si Mark Pierzchala sa Konseho!

Ako si Mark Pierzchala, at nalulugod akong katawanin kayo, at ang lahat ng magkakaibang komunidad ng Rockville, nang tapat at tuwiran sa Konseho ng Lungsod ng Rockville. Tumatakbo ako para muling mahalal at hinihingi ko ang inyong boto.

Nagdadala ako sa Konseho ng karunungan sa badyet, ekonomiya at kapaligiran. Maingat kong pinag-aaralan ang mga isyu at nakikipagdebate ako nang may matatag at makatuwirang paninindigan. Walang ibang nakakatapat sa mga nagawa ko para sa kinabukasan ng Rockville. **Inaayos ko ang mga problema!**

Buong dangal akong tatakbong muli kasama ng Team Rockville. Binubuo ang 2019 Team ng bukod-tanging pangkat ng mga kandidato.

Nakapunta na ako sa halos 40 bansa. Nagnenegosyo ako sa ibang bansa at kasama ako sa Peace Corps sa Swaziland (eSwatini) noong mga unang taon ng dekada 1980.

Tungkol kay Mark

Naglingkod nang dalawang termino si Mark bilang Konsehal noong 2009 hanggang 2013 at pagkatapos ay bumalik siya noong 2015. Sa Konseho, binawasan niya ang paggastos habang pinapalaki ang tax base ng Rockville. Dahil sa kanyang mga karanasan sa Konseho, bilang may-ari ng maliit na negosyo, bilang dating pangulo ng College Gardens Civic Association, at bilang panandaliang tagapangulo ng Town Center Action Team, mayroon siyang natatanging perspektibo sa mga pangangailangan ng mga residente at mga negosyo.

Bilang isang boluntaryo sa Peace Corps mula 1980 hanggang 1983 sa Swaziland, Africa, nagturo si Mark ng matematika at biology sa mataas na paaralan. Doon, nakilala niya si Lesley Cross, at nagpakasal sila noong 1984. Nag-aral ang dalawa nilang anak sa Montgomery County Public Schools mula kindergarten hanggang ika-12 baitang. Nagtatrabaho si Lesley bilang media assistant sa College Gardens Elementary.

Si Mark ay mayroong master's degree sa mathematical statistics at bachelor's degree sa matematika. Nagtrabaho siya sa U.S. Department of Agriculture, Westat, at Mathematica Policy Research, Inc. Noong 2010, sinimulan niya ang MMP Survey Services, LLC. Isang kasalukuyang proyekto ang Pag-aaral sa Maling Paggamit ng Opioid na pinopondohan ng NIH.

Mga Isyu

Kabisado ni Mark ang Rockville. Dumaan na siya sa bawat kalye sa Lungsod nang nakabisikleta nang 4 na beses at nang naglalakad nang isang beses. Nauunawaan niya ang badyet at ang pangunahing plano at ordinansa sa pagsosona ng Lungsod, at alam niya kung paano nagtutugma ang lahat ng ito.

Ang kaalaman ni Mark sa Rockville ay nangangahulugang mayroon siyang malalim na pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga residente at sa kanilang mga isyu. Nagpapanukala siya ng mga malikhaing solusyon at walang ibang nahalal na opisyal o kandidato ang nakakatapat sa mga nagawa niya para sa kinabukasan ng Rockville.